STEP TOGETHER

Tumulong sa isa. Protektahan ang marami.

Makakatulong ka.

STEP TOGETHER

Para sa kumpidensyal, independiyenteng suporta:

Tumawag sa 1800 875 204 o bisitahin ang **STEPTOGETHER.COM.AU**

May salin na makukuha sa helpline (linya ng tulong).

Makipag-ugnayan

@StepTogetherAU

@StepTogetherAU

/company/step-together/

Tulungan ang mga taong kakilala mo na maiwasan ang landas patungo sa marahas na ekstremismo (karahasang bunsod ng sukdulang paniniwala).

Tumawag sa 1800 875 204 o bisitahin ang **STEPTOGETHER.COM.AU**

Pinondohan ng Pamahalaan ng NSW at inihatid sa pamamagitan ng On The Line.

Ang marahas na ekstremismo ay isang suliranin na nakakaapekto sa ating lahat at maaaring magmula sa alinmang bahagi ng lipunan – anuman ang lahi, relihiyon o mga paniniwala sa politika

Maaaring nakakatakot isipin na ang isang kakilala mo ay maaaring maging kasangkot sa isang marahas na ekstremismo, ngunit kataka-taka na karaniwan lamang ang mga nag-aambag na salik ng lipunan: paglayo, pagiging bukod at kalungkutan.

Kapag ang mga damdaming ito ay naging sukdulan at sinamahan pa ng malalim na interes sa politika, ideyolohiya o relihiyon, nagiging mas malakas ang panganib ng paglahok sa marahas na ekstremismo.

Makakatulong ka

Sa pamamagitan lang ng pagbibigay ng panahon sa isang tao, pagpapakita na ikaw ay nagmamalasakit at nakikinig nang walang paghuhusga, maaaring matulungan mo ang isang taong mahalaga sa iyo upang matugunan ang kaniyang mga pangangailangan sa mas ligtas na paraan.

Sa pamamagitan ng pagtulong sa isang taong pinagmamalasakitan mo, maaari mong mapigilan ang pag-usbong ng marahas na pag-aasal bunga ng mga damdaming ito at maprotektahan ang iyong komunidad mula sa posibleng kapahamakan.

Paano makakatulong ang Step Together

Ang **Step Together** ay isang helpline at serbisyong online na naglalayong ‘tulungan ang mga tumutulong’ – ang mga taong may kakilala na maaaring patungo sa landas ng marahas na ekstremismo.

Tawagan kami sa **1800 875 204** o bisitahin ang **steptogether.com.au**